Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MAYO 4, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano ........ | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 105-T2009**

**KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN ARIEL T. MAGCALAS NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAKIKIPAGKASUNDO SA BARANGAY SANTISIMA CRUZ HINGGIL SA PAGKAKALOOB NG ISANG LAGAY NA LUPANG BAHAGI NG HAWKERS' PLAZA NG PAMILIHANG BAYAN NA MAY SUKAT NA 9 X 7.5 METRO UPANG PAGTAYUAN NG BARANGAY HALL.**

**SAPAGKA'T**, may kahilingan ang Brgy. Santisima Cruz sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 5-T2009 na iniliwat sa sangguniang ito ng Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na naglalayong ipagkaloob na sa nabanggit na barangay ang isang lagay na lupang may sukat na 9 x 7.5 metrong bahagi ng Hawkers Plaza ng pamilihang bayan upang pagtayuan ng barangay hall;

**SAPAGKA'T**, nasasaad sa Tsapter 3, Artikulo 1, Seksyon 444 (VI) ng Ang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 na kumatawan ang Punong Bayan sa pamahalaang bayan at lumagda sa anumang kasunduan sa sandaling mabigyan siya ng kapangyarihan ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKA'T**, magiging epektibo ang pagkakaloob ng kapangyarihan sa Punong Bayan sa sandaling mairatipika ang kasunduan ukol dito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ramon D. Tan (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. John Carlos C. delos Reyes at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Bigyang-kapangyarihan ang Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na katawanin ang pamahalaang bayan sa pakikipagkasundo sa Barangay Santisima Cruz hinggil sa pagkakaloob ng isang lagay na lupang bahagi ng Hawkers' Plaza ng pamilihang bayan na may sukat na 9 x 7.5 metro upang pagtayuan ng barangay hall.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Tagataya, Sang. Brgy. Santisima Cruz at mga may kinalamang tanggapan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
May 29, 2009

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. JEANETTE P. ALFONSO**, *Secretary,* the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 106 – T'2009** duly approved by the undersigned.

For information and appropriate action.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor



aaral at pagsusuri: